2026 Volume: 02 Issue: 07 www.ijrpa.com ISSN 2456-9995 Research Article

International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-41

# KABISAAN NG PEER-LED READING TUTORIALS SA PAG-UNAWA SA BINASA SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG 7 NG GUADALUPE NATIONAL HIGH SCHOOL

***Generose Garcia Tabulo**

Teacher III- Guadalupe National High School, Lumbia, Dakutan, Esperanza, Agusan del Sur.

**Article Received: 12 June 2026**
**Article Revised: 02 July 2026**
**Published on: 22 July 2026**

***Corresponding Author: Generose Garcia Tabulo**
Teacher III- Guadalupe National High School, Lumbia, Dakutan, Esperanza, Agusan del Sur.

DOI: https://doi-doi.org/101555/ijrpa.7239

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang kabisaan ng peer-led reading tutorials sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 7 ng Guadalupe National High School para sa Taong Panuruan 2025–2026. Gumamit ang pag-aaral ng mixed-method approach sa pamamagitan ng quasi-eksperimental na disenyo, partikular ang pretest-posttest control group design, na sinuportahan ng kwalitatibong panayam. Binubuo ang mga kalahok ng siyamnapung (90) mag-aaral na nasa antas ng instructional at frustration batay sa resulta ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Hinati sila sa experimental group at control group. Ang experimental group ay sumailalim sa peer-led reading tutorials, samantalang ang control group ay tumanggap ng regular na pagtuturo. Ginamit ang Phil-IRI bilang pangunahing instrumento sa pagtataya ng pag-unawa sa binasa, ang Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT) bilang dayagnostikong kasangkapan sa pagpapangkat at pagbuo ng interbensiyon, at semi-structured interview upang matukoy ang mga karanasan ng mga peer tutor at tutee. Sinuri ang datos gamit ang mean, paired samples t-test, independent samples t-test, at pagsusuring tematiko.

Ipinakita ng resulta na ang parehong control at experimental group ay nagsimula sa antas na frustration sa pretest ngunit kapwa umabot sa instructional level sa posttest. Gayunpaman, mas mataas ang naging pagganap ng experimental group. Natuklasan ding may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pretest at posttest ng experimental group, gayundin ng control group, subalit higit na malaki ang naging pag-unlad ng experimental group.

Lumabas din na may makabuluhang pagkakaiba sa posttest performance ng dalawang grupo, na nagpapatunay sa positibong epekto ng peer-led reading tutorials sa pag-unawa sa binasa. Sa kwalitatibong pagsusuri, lumitaw ang mga temang pagtaas ng kumpiyansa sa pagbasa, mas mahusay na pag-unawa sa binasa, epektibong pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-aaral, positibong pananaw sa interbensiyon, at paglinang ng responsibilidad, pasensya, at kasanayan sa pagpapaliwanag ng mga peer tutor.

Batay sa mga natuklasan, napagpasyahan na ang peer-led reading tutorials ay isang mabisa at makabuluhang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Inirerekomenda ang integrasyon nito sa mga programang pampagbasa ng paaralan, patuloy na paggamit ng mga diagnostikong kasangkapan tulad ng Phil-IRI at CFLAT, at pagsasagawa ng mga kaugnay na pag-aaral sa mas malawak na konteksto upang higit pang mapagtibay ang pagiging epektibo ng interbensiyong ito.

**KEYWORDS**: Peer -Led Reading Tutorials, Pag - Unawa Sa Binasa, Pagbasa Sa Filipino, Phil -IRI, CFLAT**,** peer tutoring, reading intervention, collaborative learning.

## I. PANIMULA

Ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan na nagsisilbing pundasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang disiplina. Hindi lamang ito isang teknikal na kasanayan kundi isang intelektuwal na proseso na nagpapalawak ng kaisipan, nagpapalalim ng pag-unawa, at nagbubukas ng daan tungo sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Ang kakayahang umunawa sa binasa sa wikang Filipino ay higit pang napakahalaga sapagkat ito ang midyum ng komunikasyon at pagkatuto sa maraming asignatura. Ito rin ang daan upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang mga tekstong nakaugat sa kanilang kultura, kasaysayan, at aktuwal na realidad.

Sa pandaigdigang konteksto, nananatiling hamon ang mababang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ayon sa isang artikulo mula sa Education Week, napansin na ang pagganap sa pagbasa ng mga 13-taong-gulang na mag-aaral sa Estados Unidos ay bumaba ng 4 na puntos sa pagsusulit ng National Assessment of Educational Progress (NAEP) mula 2020 hanggang 2023. Ang pagbagsak na ito ay nagdudulot ng pangamba, lalo na't nangyari ito sa kabila ng mga pagsisikap na mapanatili ang kalidad ng edukasyon.

Samantala, sa kontekstong pambansa naman, lumitaw sa resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA 2022) na kabilang ang mga Pilipinong mag-aaral sa mga may pinakamababang pagganap sa malikhaing pag-iisip sa buong mundo. Ayon sa ulat

ng Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD, 2024), ang mga 15-taong-gulang na mag-aaral sa Pilipinas ay nakakuha lamang ng average score na 14 sa creative thinking, na mas mababa kumpara sa average score na 33 ng mga bansang kasapi ng OECD. Ipinapakita nito ang pangangailangan ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at mga interbensiyong makatutulong sa pagpapataas ng kasanayan sa pag-unawa at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito ang malalim na suliranin sa pundasyong kasanayan ng mga mag-aaral, kabilang ang pagbasa at pag-unawa.

Kinikilala rin ng pamahalaan ng Pilipinas ang kahalagahan ng pagbasa sa pamamagitan ng mga umiiral na batas at mga patakaran. Sa ilalim ng Republic Act No. 10533 o ang Enhanced Basic Education Act of 2013, binibigyang-diin ang paglinang sa mga mag-aaral ng kasanayang kritikal na pag-iisip at panghabambuhay na pagkatuto. Kaugnay nito, ang Republic Act No. 9155 o ang Governance of Basic Education Act of 2001 ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga paaralan na magpatupad ng mga programang angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral batay sa kanilang konteksto at sitwasyon.

Bilang pagsuporta sa mga batas na ito, ipinatutupad ng Department of Education ang iba't ibang polisiya at programang nakatuon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Isa sa mga ito ang DepEd Order No. 14, s. 2018 na nagtatakda ng paggamit ng Revised Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) bilang pamantayang kasangkapan sa pagtatasa ng kakayahan sa pagbasa sa antas pambansa. Layunin nitong matukoy ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral at magsilbing batayan sa pagbuo ng mga programang pampagbasa at mga interbensiyong naaayon sa kanilang mga pangangailangan.

Kaugnay nito, isinusulong din ng Department of Education ang Every Child A Reader Program (ECARP) sa ilalim ng DepEd Order No. 70, s. 2011 upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas. Dagdag pa rito, inilunsad ang Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiative) sa ilalim ng DepEd Memorandum No. 173, s. 2019 upang higit pang mapalakas ang mga programang pampagbasa at matiyak na ang bawat mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataong mapaunlad ang kanyang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa.

Sa kasalukuyan, higit pang pinagtitibay ng MATATAG Curriculum, alinsunod sa DepEd Order No. 10, s. 2024, ang kahalagahan ng paghubog sa mga pundamental na kasanayan sa literasi at numerasi, kabilang ang pagbasa at pag-unawa, bilang mahalagang sandigan ng pangmatagalang pagkatuto.

Mas higit pang pinagtibay ang adhikaing ito sa pamamagitan ng DepEd Memorandum No. 064, s. 2025 o ang Academic Recovery and Accessible Learning Program in Reading

(ARAL-Reading), na naglalayong magbigay ng organisado, nakabalangkas, at indibidwalisadong interbensiyon para sa mga mag-aaral na nakararanas ng kahirapan sa pagbasa. Binibigyang-diin din dito ang paggamit ng mga resulta ng pagtatasa, tulad ng Phil-IRI, bilang batayan sa pagbuo ng mga estratehiyang magagamit sa interbensiyon upang higit na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.

Kaugnay ng pagsusulong ng mga programang pampagbasa at kontekstuwalisadong pagkatuto, ipinatupad din ng Schools Division of Agusan del Sur ang Division Memorandum No. 403, s. 2019 re: Submission of Contextualized Materials by School. Layunin nitong hikayatin ang mga paaralan na bumuo, magsumite, at magamit ang mga lokal at kontekstuwalisadong kagamitang pampagtuturo at pampagtataya na naaayon sa pangangailangan at konteksto ng mga mag-aaral. Ang inisyatibong ito ay nagbigay-daan sa pagbuo at paggamit ng iba't ibang kontekstuwalisadong materyales sa dibisyon, kabilang ang Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT) na ginagamit bilang karagdagang dayagnostikong kasangkapan sa pagtatasa ng kasanayan sa pagbasa.

Subalit mahalaga ang Phil-IRI bilang pambansang batayan; kinakailangan pa rin ang komprehensibong pag-aaral upang matukoy ang tiyak na pangangailangan ng bawat mag-aaral. Sa usaping ito, naging makabuluhan ang paggamit ng Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT) bilang isang dayagnostikong kasangkapan na nagbibigay ng mas detalyadong deskripsiyon ng antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT) ay isang kontekstuwalisadong dayagnostikong kasangkapan na binuo at ginagamit ng Department of Education – Schools Division of Agusan del Sur upang higit na matukoy ang mga espesipikong pangangailangan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang instrumento ay dumaan sa proseso ng pagbuo, pagsusuri, at balidasyon sa tulong ng mga manunulat, content evaluators, language evaluators, at management team ng dibisyon bago ito gamitin sa mga programang pampagbasa. Bilang karagdagang kasangkapan sa pagtataya, nagsilbi ang CFLAT bilang batayan sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa pagbasa at sa pagbuo ng mga angkop na interbensiyon para sa mga mag-aaral. Bukod dito, higit na pinagtibay ang paggamit nito sa pamamagitan ng mga isinagawang regional at division retooling at re-orientation ukol sa paggamit ng Functional Literacy Assessment Tool (FLAT) bilang bahagi ng mga programang pampagbasa ng Department of Education.

Sa lokal na konteksto ng Guadalupe National High School, lumabas sa resulta ng Phil-IRI para sa taong panuruan 2023–2024 na 46% ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ang napabilang sa pampagkatuto at kabiguang lebel sa pagbasa. Upang higit na matukoy ang partikular na

pangangailangan ng mga mag-aaral, isasagawa ang CFLAT bilang batayan sa pag-uuri ng kanilang antas ng kakayahan, kabilang ang antas ng titik, salita, at talata; pagbasa ng kuwento; pag-unawa sa kuwento; at pag-unawa sa lokal na babasahin.

Bilang tugon sa suliraning ito, isinusulong ng pag-aaral na ito ang paggamit ng peer-led reading tutorials bilang estratehiyang nakatuon sa kolaboratibong pagkatuto. Batay sa resulta ng CFLAT, ang interbensiyon ay isasagawa sa pamamagitan ng interbensiyong nakabatay sa pagkakaiba-iba ng antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, kung saan ang bawat mag-aaral ay bibigyan ng angkop na gawain sa loob ng 12-linggong plano ng tutoryal. Ang mga peer tutors ay sasailalim muna sa sistematikong pagsasanay upang matiyak ang kalidad ng interbensyon.

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa Social Learning Theory ni Bandura (1977) at sa Social Constructivism ni Vygotsky (1978). Sa pananaw ni Bandura, ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng pagmamasid at interaksyon sa kapwa, samantalang binibigyang-diin ni Vygotsky ang kahalagahan ng Zone of Proximal Development kung saan ang isang mag-aaral ay higit na natututo sa tulong ng isang mas bihasang katuwang.

Bagama't may mga umiiral na pag-aaral hinggil sa mga interbensiyong pampagbasa, kapansin-pansin na kakaunti pa lamang ang mga pananaliksik na tumutuon sa paggamit ng peer-led reading tutorials bilang estratehiya sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa sa asignaturang Filipino, partikular sa Baitang 7 sa konteksto ng pampublikong paaralan sa rehiyon ng Caraga. Higit pa rito, limitado rin ang mga pag-aaral na gumagamit ng kombinasyon ng pamantayang pagtataya tulad ng Phil-IRI at dayagnostikong kasangkapan gaya ng CFLAT upang matukoy ang espesipikong pangangailangan ng mga mag-aaral. Samakatuwid, nilalayon ng pag-aaral na ito na punan ang kakulangang ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa bisa ng peer-led reading tutorials sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Hinggil dito, ang pag-aaral na ito ay nakahanay sa Sustainable Development Goal (SDG) 4 o Quality Education, na naglalayong matiyak ang inklusibo at de-kalidad na edukasyon at itaguyod ang panghabambuhay na pagkatuto para sa lahat. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng peer-led reading tutorials, nilalayon ng pananaliksik na mapabuti ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral, na mahalagang salik sa pagkamit ng de-kalidad na edukasyon. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay inaasahang makapag-aambag sa pagpapalakas ng mga programang pampagbasa at sa patuloy na pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon sa konteksto ng pampublikong paaralan.

Sa huli, layunin ng pananaliksik na ito na masukat ang bisa ng peer-led reading tutorials sa pagpapabuti ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Inaasahan na

makapagbibigay ito ng konkretong rekomendasyon sa mga guro, administrador, at tagapagpatupad ng mga programang pampagbasa upang maisama ang ganitong estratehiya bilang bahagi ng opisyal na interbensyon sa paaralan.

### 1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng peer-led reading tutorials sa pagpapabuti ng kakayahang umunawa sa binasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa Guadalupe National High School. Bagaman may mga umiiral na interbensyong pampanitikan at mga programa sa pagbasa, kapansin-pansin pa rin ang mababang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral batay sa mga resulta ng Phil-IRI. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, susuriin kung may makabuluhang pagbabago sa kakayahan ng mga mag-aaral na dumaan sa peer-led reading tutorials kumpara sa mga hindi sumailalim dito.

Partikular, hinahangad nitong sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control group at experimental group batay sa kanilang mga pretest score?
2. Ano ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control group at experimental group batay sa kanilang mga posttest score?
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa experimental group bago at pagkatapos ng peer-led reading tutorials?
4. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control group bago at pagkatapos ng regular na pagtuturo?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa pagitan ng control group at experimental group batay sa kanilang mga posttest score?
6. Ano ang mga karanasan ng mga peer tutor at tutee sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials?
7. Anong implikasyon ang maaaring mabuo batay sa resulta ng pag-aaral para sa pagpapabuti ng mga programang pampagbasa sa Filipino?

#### *Hipotesis*

Ang mga sumusunod na hipotesis ay susubukin sa antas ng kahalagahan na **0.05**:

1. **$H_{01}$:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa experimental group bago at pagkatapos ng peer-led reading tutorials.
2. **$H_{02}$:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control group bago at pagkatapos ng regular na pagtuturo.

3. **$H_{03}$:** Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa pagitan ng control group at experimental group batay sa kanilang mga posttest score.

## I. METODOLOHIYA

### *2. Disenyo ng Pag-aaral*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng quasi-eksperimental na disenyo, partikular ang pretest-posttest control group design. Binubuo ito ng dalawang pangkat: ang experimental group at ang control group. Ang dalawang pangkat ay isinailalim sa panimulang pagtatasa (pretest) at panapos na pagtatasa (posttest) gamit ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), subalit ang interbensiyon ay ipinatupad lamang sa pangkat ng eksperimento.

Ang experimental group ay isinailalim sa peer-led reading tutorials, samantalang ang control group ay nanatili sa karaniwang pagtuturo sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng paghahambing ng mga resulta ng pretest at posttest ng dalawang pangkat, masusuri kung may makabuluhang epekto ang interbensiyon sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Ang disenyo na ito ay angkop sapagkat layunin ng pag-aaral na matukoy ang epekto ng interbensiyon sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Bagama't hindi ito ganap na random na eksperimento, ang pagkakaroon ng control group ay nakapagbigay ng batayan sa paghahambing upang mabawasan ang impluwensiya ng mga panlabas na salik.

### *2.2 Respondente ng Pananaliksik*

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Guadalupe National High School (GNHS) para sa taong panuruan 2025–2026. Mula sa kabuuang bilang na isang daan at tatlumpu't walo (138) na mag-aaral, pinili ang mga kalahok gamit ang purposive sampling batay sa resulta ng panimulang pagtatasa gamit ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI).

Batay sa resulta ng Phil-IRI, ang mga mag-aaral ay ikinategorya sa tatlong antas: malaya (independent), pampagkatuto (instructional), at pagkabigo (frustration). Tanging ang mga mag-aaral na nasa pampagkatuto at pagkabigong lebel ang isinama bilang mga kalahok sa pag-aaral, sapagkat sila ang nangangailangan ng interbensiyon.

Mula sa animnapung (60) mag-aaral na nasa pampagkatutong lebel, tatlumpu (30) ang inilaan sa experimental group at tatlumpu (30) sa control group. Samantala, mula sa tatlumpung (30) mag-aaral na nasa lebel ng pagkabigo, labinlima (15) ang inilaan sa experimental group at

labinlima (15) sa control group. Sa ganitong paraan, napanatili ang pantay na distribusyon ng antas ng pagbasa sa bawat pangkat, na mahalaga upang maging makatwiran ang paghahambing ng mga resulta ng pag-aaral.

Pagkatapos, isinagawa ang Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT) bilang dayagnostikong kasangkapan upang matukoy ang mas tiyak na antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang resulta ng CFLA ang nagsilbing batayan sa pagpapangkat (grouping) at sa pagpapatupad ng interbensiyong nakabatay sa pagkakaiba-iba ng kanilang mga kakayahan.

Ang mga mag-aaral na nasa malayang lebel (48) ay hindi isinama bilang pangunahing kalahok sa pagsusuri; sa halip, nagsilbi silang peer tutors sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials.

Sa kabuuan, ang mga kalahok ay hinati sa dalawang pangkat: ang experimental group, na isinailalim sa peer-led reading tutorials, at ang control group, na nanatili sa karaniwang pagtuturo sa asignaturang Filipino.

**Talahanayan 1: Distribusyon ng mga Respondente ayon sa Antas at Pangkat.**

| Antas ng Pagbasa | Experimental | Control | Kabuuan |
|---|---|---|---|
| Pampagkatuto | 30 | 30 | 60 |
| Pagkabigo | 15 | 15 | 30 |
| Kabuuan | 45 | 45 | 90 |

*Pinagmulan: Guadalupe National High School, Grade 7 Phil IRI Pretest result, 2025*

Para sa kwalitatibong bahagi ng pag-aaral, animnapung (30) kalahok ang sumagot sa semi-structured interview guide na binubuo ng tatlumpung (15) peer tutors at tatlumpung (15) tutees mula sa experimental group. Pinili sila gamit ang purposive sampling batay sa kanilang aktibong pakikilahok sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials. Ang kanilang mga nakasulat na tugon ang naging batayan sa pagsusuri ng kanilang mga karanasan at pananaw hinggil sa programa.

**Talahanayan 2: Distribusyon ng mga Respondente ayon sa Semi-Structured Interview.**

| Uri ng Kalahok | Bilang |
|---|---|
| Peer Tutors | 15 (PT01-PT15) |
| Peer Tutees | 15 (TT01-TT15) |
| Kabuuan | 30 |

***Tala:*** *Ang mga kalahok ay mula sa experimental group at nagsumite ng nakasulat na tugon sa semi-structured na gabay sa panayam.*

Makikita sa Talahanayan 2 na ang kwalitatibong bahagi ng pag-aaral ay binubuo ng tatlumpung (30) kalahok mula sa experimental group, kung saan labinlima (15) ang mga peer tutors at labinlima (15) ang mga tutee. Ang kanilang mga tugon ay isinailalim sa tematikong pagsusuri upang matukoy ang mga pangunahing tema at mga karanasang may kaugnayan sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials.

### 2.3 *Lugar ng Pananaliksik*

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Guadalupe National High School (GNHS) na matatagpuan sa Barangay Guadalupe, Esperanza, Agusan del Sur. Ang paaralan ay isang pampublikong institusyong nagsisilbi sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang sitio at karatig-barangay. Sa kasalukuyan, ang paaralan ay may 28 na guro, 3 administratibong kawani, at kabuuang 138 na mag-aaral sa Baitang 7.

Pinili ang nasabing paaralan bilang lugar ng pananaliksik dahil dito matatagpuan ang mga kalahok sa pag-aaral, partikular ang mga mag-aaral sa Baitang 7. Bukod dito, may umiiral na pangangailangan sa paaralan para sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa, na nagbibigay-katwiran sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials bilang interbensiyon.

Ang Guadalupe National High School ay angkop na lugar para sa pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng kontekstong pampubliko kung saan maaaring masuri ang bisa ng interbensiyon sa aktuwal na kalagayan ng mga mag-aaral.

### 2.4 *Instrumento ng Pananaliksik*

Ang mga instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) at ang Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT). Ang dalawang instrumentong ito ay ginamit upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at magsilbing batayan sa pagpaplano at pagpapatupad ng interbensiyon.

Ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) ay ginamit bilang pangunahing kasangkapan sa pagtataya ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ito ay isang pamantayang instrumento na binuo ng Bureau of Learning Delivery ng Department of Education at nakabatay sa programang "Every Child a Reader. Layunin nitong matukoy ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral bilang malaya, pampagkatuto, o pagkabigo sa pamamagitan ng pagsusuri sa kanilang pag-unawa sa binasa.

Ang pagsusuri sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ay isinagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng porsiyento ng kanilang tamang sagot sa mga tanong na may kaugnayan sa tekstong binasa. Ang sumusunod na pormula ay ginamit upang makuha ang marka sa pag-unawa sa binasa batay sa pamantayan ng Phil-IRI.

**Talahanayan 3: Komputasyon ng Marka sa Pag-unawa sa Binasa.**

$$= (\text{Bilang ng Tamang Sagot} \div \text{Kabuuang Bilang ng mga Tanong}) \times 100$$

*Pinagmulan: Phil IRI Manual 2024 Volume 2*

Matapos makuha ang marka sa pag-unawa sa binasa, binigyang-kahulugan ang resulta batay sa pamantayang interpretasyon ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Manual 2024. Ang sumusunod na talahanayan ay nagpapakita ng katumbas na antas ng pagbasa ayon sa nabuong porsiyento ng marka.

**Talahanayan 4:** ***Pamantayan sa Interpretasyon ng Antas ng Pagbasa Batay sa Marka sa Pag-unawa sa Binasa.***

| Antas ng Pagbasa | Marka sa Pag-unawa (%) |
|---|---|
| Malaya (Independent) | 80–100% |
| Pampagkatuto (Instructional) | 59–79% |
| Pagkabigo (Frustration) | 58% pababa |

*Pinagmulan: Phil IRI Manual 2024 Volume 2*

Ginamit ang resulta ng Phil-IRI bilang batayan sa pag-uuri ng mga kalahok sa control group at experimental group. Ang mga mag-aaral na kabilang sa antas na malaya ay itinalaga bilang mga peer tutors, samantalang ang mga nasa antas na pampagkatuto at pagkabigo ay naging mga kalahok sa interbensiyon.

Ang Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT) ay ginamit bilang dayagnostikong kasangkapan upang matukoy ang tiyak na antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga kalahok sa experimental group. Ito ay hango sa Functional Literacy Assessment Tool (FLAT) na ginagamit upang masukat ang antas ng functional literacy ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, ang CFLAT ay nagsilbing batayan sa pagpapangkat ng mga kalahok at sa pagbuo ng indibidwalisadong plano ng interbensiyon. Hindi ito ginamit bilang pangunahing sukatan ng epekto ng interbensiyon kundi bilang gabay lamang sa pag-aangkop ng mga tutorial activities ayon sa antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Bilang bahagi ng pagpapatupad ng peer-led reading tutorials, naghanda ang mananaliksik ng iba't ibang plano para sa interbensiyon, mga gabay para sa tutoryal, gawaing pang-unawa, tseklist para sa pagmo-monitor ng mga tutee at tutor at mga materyal na gagamitin sa pagbasa na nakaangkla sa resulta ng CFLAT at Phil-IRI.

Bago isinagawa ang interbensiyon, ang mga peer tutors ay sumailalim muna sa walong linggong pagsasanay na nakatuon sa paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa at sa paglinang ng pag-unawa sa binasa. Pagkatapos nito, isinagawa ang labindalawang linggong interbensiyon para sa mga tutee batay sa antas ng pagbasa na natukoy nila.

Ang mga detalyadong plano sa pagsasanay ng peer tutors, indibidwal na intervention plans para sa bawat antas ng pagbasa, monitoring checklists, at mga reading materials ay makikita sa mga appendix ng pag-aaral.

Matapos ang pagpapatupad ng interbensiyon, isinagawa ang panapos na pagtatasa gamit muli ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) bilang posttest upang masukat ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa.

Ang parehong control group at experimental group ay sumailalim sa nasabing pagtatasa upang matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pagbabago sa kanilang antas ng pagbasa matapos ang implementasyon ng peer-led reading tutorials.

Gumamit din ang mananaliksik ng semi-structured interview guide upang makuha ang mga karanasan, pananaw, at repleksiyon ng mga peer tutor at tutee hinggil sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials. Ang panayam ay isinagawa matapos ang implementasyon ng interbensiyon upang matukoy ang mga hamon na naranasan, ang mga natutuhan, at ang epekto ng programa sa mga kalahok.

Ang mga katanungan sa panayam ay nakatuon sa kanilang karanasan sa mga tutorial session, mga estratehiyang naging epektibo, mga pagbabagong napansin sa kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa, at mga mungkahing maaaring makatulong sa higit pang pagpapabuti ng mga programang pampagbasa sa Filipino. Ang kabuuang kopya ng semi-structured interview guide ay makikita sa mga appendix ng pag-aaral.

### 2.5 Istatistikong Ginamit sa Pag-aaral

Upang masukat ang epekto ng peer-led reading tutorials sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7, ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang sumusunod na mga istatistikal na pamamaraan:

**Mean at Standard Deviation.** Ginamit upang mailarawan ang pangkalahatang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa panimulang pagtatasa (pretest) at sa pangwakas na pagtataya (posttest). Sa pamamagitan nito, natukoy ang average na marka ng mga kalahok at ang lawak ng pagkakaiba-iba ng kanilang mga iskor.

**Paired Samples t-Test.** Ginamit upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pretest at posttest ng bawat pangkat. Ang pagsusuring ito ay nakatulong upang matukoy kung nagkaroon ng pagbabago sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral matapos ang pagpapatupad ng interbensiyon.

**Independent Samples t-Test.** Ginamit upang ihambing ang posttest scores ng experimental at control group at matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pagganap. Ang pagsusuring ito ay nakaugnay sa hipotesis ng pag-aaral hinggil sa pagkakaroon o kawalan ng makabuluhang epekto ng peer-led reading tutorials.

**Effect Size (Cohen's d).** Ginamit upang masukat ang laki o tindi ng epekto ng peer-led reading tutorials sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, natukoy kung gaano kalaki ang praktikal na impluwensiya ng interbensiyon batay sa resulta ng paghahambing sa pagitan ng dalawang pangkat. Ang interpretasyon ng Cohen's d ay batay sa sumusunod: 0.20 bilang maliit na epekto, 0.50 bilang katamtamang epekto, at 0.80 pataas bilang malaking epekto.

**Level of Significance (0.05).** Ginamit bilang batayan sa pagtanggap o pagtanggi sa null hypothesis. Kapag ang p-value ay mas mababa sa 0.05, nangangahulugan ito na may makabuluhang pagkakaiba sa mga resulta ng pagsusuri.

**Thematic Analysis.** Ginamit upang masuri ang mga kwalitatibong datos, partikular ang mga karanasan ng mga peer tutor at tutee sa panahon ng pagpapatupad ng interbensiyon. Sa pamamagitan nito, natukoy ang mga pangunahing temang nagbigay-linaw at sumuporta sa mga resulta ng kuwantitatibong pagsusuri.

Ang lahat ng kuwantitatibong datos ay sinuri ng mananaliksik gamit ang **Jamovi Statistical Software, Version 2.7.26,** upang matiyak ang katumpakan ng mga resulta ng estadistikal na pagsusuri.

## I. RESULTA AT DISKUSYON

**Suliranin 1. Ano ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control group at experimental group batay sa resulta ng pretest?**

Ang maliit na agwat sa mean scores ng control group (M = 56.9) at experimental group (M = 58.2) ay nagpapahiwatig na halos magkatulad ang panimulang kakayahan ng dalawang pangkat bago isinagawa ang interbensiyon.

**Talahanayan 6: Distribusyon ng Antas ng Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral Batay sa Pretest.**

| Antas ng Pagbasa | Bilang ng Mag-aaral | Porsiyento (%) |
|---|---|---|
| Malaya (Independent) | 48 | 34.78% |
| Pampagkatuto (Instructional) | 60 | 43.48% |
| Pagkabigo (Frustration) | 30 | 21.74% |
| **Kabuuan** | **138** | **100%** |

*Pinagmulan: GNHS Phil IRI Pretest Result 2025*

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang distribusyon ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga iskor sa pretest. Makikita na ang pinakamalaking bilang ng mga mag-aaral ay nasa antas ng pampagkatuto (43.48%), sinusundan ng mga nasa antas ng malaya (34.78%), at ang pinakamaliit na bilang ay nasa antas ng pagkabigo (21.74%).

Ipinapahiwatig nito na bagama't may ilang mag-aaral na may kakayahang umunawa nang nakapag-iisa, mas marami pa rin ang nangangailangan ng gabay upang lubos na maunawaan ang kanilang binabasa. Ang pagkakaroon ng mga mag-aaral sa antas ng pagkabigo ay nagpapakita rin na may bahagi ng populasyon na nahihirapan sa parehong pagkilala sa salita at pag-unawa sa teksto.

Ipinapakita ng distribusyon na ang pangkalahatang profayl ng mga mag-aaral ay nasa antas kung saan kinakailangan ang interbensiyong pampagbasa upang mapabuti ang kanilang kasanayan, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapatupad ng peer-led reading tutorials.

**Talahanayan 7:** ***Antas ng Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral Batay sa Pretest Scores.***

| Pangkat | Mean | SD | Antas |
|---|---|---|---|
| Control | 56.9 | 14.7 | Frustration |
| Experimental | 58.2 | 15.3 | Frustration |

*Talaan: Independent – 80–100%, Instructional – 59–79%, Frustration – 58% pababa*

Bagama't ginamit ang mean scores upang mailarawan ang pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral, isinama rin ang distribusyon ng antas ng pagbasa upang mas malinaw na maipakita ang kabuuang profayl ng kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasa.

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga iskor sa pretest. Ang control group ay may mean score na 56.9 at standard deviation na 14.7, habang ang experimental group ay may mean score na 58.2 at standard deviation na 15.3. Batay sa mga resultang ito, makikita na parehong grupo ay nagsimula sa mababang antas ng pagganap sa pag-unawa sa binasa.
Batay sa mean scores ng dalawang grupo, ang pangkalahatang antas ng kanilang pag-unawa sa binasa ay nasa antas ng frustration. Ipinapahiwatig nito na bago ang implementasyon ng anumang interbensyon, nahihirapan ang karamihan sa mga mag-aaral na umunawa sa tekstong binabasa nila. Ang standard deviation ng parehong grupo ay nagpapakita ng katamtamang pagkakaiba-iba ng kanilang mga iskor, na nangangahulugang may iba't ibang antas ng kakayahan ang mga mag-aaral ngunit nananatiling nasa mababang saklaw ang kanilang kabuuang pagganap.

Ang pagkakapareho ng antas ng control at experimental group sa pretest ay mahalagang obserbasyon sa pag-aaral. Ipinapakita nito na halos magkatulad ang panimulang kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng dalawang grupo, na nagbibigay ng patas na batayan para sa paghahambing ng kanilang pagganap matapos ang implementasyon ng interbensyon. Maaari ring ipahiwatig ng mababang antas ng pag-unawa sa binasa ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas epektibong estratehiya sa pagtuturo, tulad ng peer-led reading tutorials, upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

Dagdag pa rito, ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa mga natuklasan nina Balagtas at Reyes (2021) na nagsasabing maraming mag-aaral sa sekondarya ang nakararanas ng kahirapan sa mas malalim na pag-unawa sa binasa, partikular sa inferensyal at kritikal na pagbasa. Ayon din kay Lopez (2022), ang mababang antas ng pag-unawa sa binasa ay may

kaugnayan sa limitadong kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpoproseso at pag-unawa sa teksto.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Tolentino at Agustin (2020) na mahalagang matukoy muna ang panimulang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral bago ipatupad ang anumang interbensiyong pampagbasa upang matiyak na ang mga estratehiyang gagamitin ay naaayon sa kanilang mga pangangailangan. Ang pagkakapareho ng antas ng control at experimental group sa pretest ay nagpapakita rin na ang dalawang pangkat ay may patas na panimulang batayan, na mahalaga sa isang eksperimental na pag-aaral upang masuri nang maayos ang epekto ng interbensiyon.

Ipinapakita rin ng resulta ang kahalagahan ng mga programang pampagbasa at suportadong interbensiyon sa loob ng silid-aralan. Ayon sa Department of Education (2021), marami pa ring mag-aaral sa sekondarya ang nasa instructional at frustration level batay sa resulta ng Phil-IRI, na nagpapakita ng patuloy na pangangailangan para sa mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa.

**Suliranin 2. Ano ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control group at experimental group batay sa resulta ng posttest?**

Bagama't parehong nasa instructional level ang dalawang pangkat batay sa mean scores, kapansin-pansin na mas mataas ang mean score ng experimental group (M = 77.6) kaysa sa control group (M = 62.4), na nagpapakita ng mas malaking pag-unlad sa pag-unawa sa binasa.

**Talahanayan 8:** ***Distribusyon ng Antas ng Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral Batay sa Posttest.***

| Pangkat | Malaya | Pampagkatuto | Pagkabigo | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|
| Control Group | 5 (11.11%) | 30 (66.67%) | 10 (22.22%) | 45 |
| Experimental Group | 23 (51.11%) | 19 (42.22%) | 3 (6.67%) | 45 |

*Pinagmulan: GNHS Phil IRI Posttest Result 2026*

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang distribusyon ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control at experimental group batay sa kanilang mga posttest score. Makikita sa control group na karamihan ng mga mag-aaral ay nananatili sa antas ng pampagkatuto (66.67%), habang may ilan pa ring nasa antas ng pagkabigo (22.22%) at kakaunti lamang ang umabot sa antas ng malaya (11.11%).

Sa kabilang banda, kapansin-pansin ang malaking pagbabago sa experimental group kung saan higit sa kalahati ng mga mag-aaral (51.11%) ay umabot sa antas ng malaya. Bukod dito, nabawasan ang bilang ng mga nasa antas ng pagkabigo (6.67%) kumpara sa control group.

Ipinapakita ng mga resultang ito na ang mga mag-aaral na sumailalim sa peer-led reading tutorials ay nakapagtamo ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa binasa. Ang pagtaas ng bilang ng mga nasa malayang antas at ang pagbaba ng bilang ng mga nasa antas ng pagkabigo ay malinaw na indikasyon ng positibong epekto ng interbensiyon.

Ang distribusyon ng antas ng pagbasa sa posttest ay nagpapakita na mas naging epektibo ang peer-led reading tutorials kumpara sa karaniwang pagtuturo sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa binasa.

**Talahanayan 9** ***Antas ng Pag-unawa sa Binasa ng mga Mag-aaral Batay sa Posttest Scores.***

| Pangkat | Mean | SD | Antas |
|---|---|---|---|
| Control | 62.4 | 14.8 | Instructional |
| Experimental | 77.6 | 16.5 | Instructional |

*Talaan: Independent – 80–100%, Instructional – 59–79%, Frustration – 58% pababa*

Katulad ng pretest, isinama ang distribusyon ng antas ng pagbasa upang mas mailarawan ang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral, habang ang mean scores ay ginamit sa estadistikal na pagsusuri.

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral batay sa kanilang mga iskor sa posttest. Ang control group ay may mean score na 62.4 at standard deviation na 14.8, habang ang experimental group naman ay may mean score na 77.6 at standard deviation na 16.5. Ipinapakita ng mga resultang ito na parehong grupo ay nakaranas ng pagtaas sa kanilang pagganap matapos ang isinagawang pagtuturo.

Batay sa mean scores, ang control group ay umabot sa instructional level, na nagpapahiwatig na ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasa ay bahagyang umunlad matapos ang regular na pagtuturo. Samantala, ang experimental group ay umabot din sa instructional level ngunit may mas mataas na mean score kumpara sa control group, na nagpapakita ng mas malaking pag-unlad sa kanilang mga kakayahan. Ang standard deviation ng parehong grupo ay nagpapakita ng katamtamang pagkakaiba-iba ng kanilang mga iskor, na

nangangahulugang may pagkakaiba-iba sa performance ng mga mag-aaral ngunit nananatili sa iisang antas.

Ang resulta ay nagpapahiwatig na bagama't parehong grupo ay nagkaroon ng pag-unlad sa kanilang pag-unawa sa binasa, mas kapansin-pansin ang pagtaas sa pangkat na eksperimental. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng peer-led reading tutorials ay maaaring naging salik sa mas mataas na pagganap ng mga mag-aaral kumpara sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Sa kabuuan, ang posttest results ay nagpapakita na ang interbensyon ay may positibong impluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng pagbasa.

Ang resulta ng posttest ay umaayon sa mga natuklasan nina Gubalani et al. (2023) at Flores et al. (2024) kung saan napatunayan na ang peer tutoring at collaborative learning ay may positibong epekto sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang mga mag-aaral na sumailalim sa peer-assisted learning activities ay nakapagtamo ng mas mataas na reading comprehension scores kumpara sa mga mag-aaral na nakaranas lamang ng regular na pagtuturo.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Javier at Abad (2022) na ang peer-led strategies ay nakatutulong sa pagpapataas ng kumpiyansa, partisipasyon, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Ipinapakita rin ng resulta ng kasalukuyang pag-aaral na ang pagkakaroon ng suportadong kapaligiran sa pagkatuto ay mahalagang salik sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa.

Dagdag pa rito, umaayon ang resulta sa teorya ng Social Constructivism ni Vygotsky (1978), na nagsasaad na mas nagiging epektibo ang pagkatuto sa pamamagitan ng interaksyon at kolaborasyon sa kapwa. Sa pamamagitan ng peer-led reading tutorials, nagkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matuto sa tulong ng kanilang mga kapwa mag-aaral, na naging daan upang higit nilang maunawaan ang mga tekstong binabasa.

**Suliranin 3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa experimental group bago at pagkatapos ng peer-led reading tutorials?**

Ang negatibong mean difference ay bunga ng pagkaka-compute na pretest minus posttest; kaya ipinahihiwatig nito na mas mataas ang posttest score kaysa sa pretest score.

**Talahanayan 10** ***Paired Samples T-Test para sa Experimental na Grupo.***

| **Variable** | **T** | **Df** | **p-value** | **Mean Difference** |
|---|---|---|---|---|
| Pretest vs Posttest | -8.93 | 44 | < .001 | -19.3 |
| Desisyon: **Tinanggihan ang $H_{01}$** | | | Puna: **May Makabuluhang Pagkakaiba** | |

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang resulta ng pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pretest at posttest scores ng experimental group. Batay sa resulta, ang computed t-value ay -8.93 na may degree of freedom (df) na 44 at p-value na mas mababa sa 0.001. Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga pretest at posttest score ng mga mag-aaral sa experimental group.

Ang p-value na mas mababa sa 0.05 ay nagpapakita na tinatanggihan ang null hypothesis. Ibig sabihin, ang pagtaas ng scores mula pretest patungong posttest ay hindi lamang dulot ng pagkakataon kundi isang makabuluhang pag-unlad sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang mean difference na -19.3 ay nagpapakita na ang posttest scores ay mas mataas kumpara sa pretest scores, na indikasyon ng malaking pag-unlad sa kanilang pag-unawa sa binasa.

Ang resulta ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakaranas ng makabuluhang pagtaas sa kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasa matapos ang implementasyon ng peer-led reading tutorials. Ipinahihiwatig nito na ang interbensyon ay naging epektibo sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagbasa. Sa kabuuan, ang paggamit ng peer-led reading tutorial ay nagkaroon ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, na nagpapatunay sa kahalagahan ng kolaboratibong pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa mga natuklasan nina Flores et al. (2024), Gubalani et al. (2023), at Tolentino at Agustin (2020) kung saan napatunayan na ang peer tutoring at collaborative learning ay nakatutulong sa makabuluhang pagtaas ng reading comprehension performance ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang mga pag-aaral, ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na matuto sa tulong ng kanilang kapwa ay nagiging daan upang higit nilang maunawaan ang teksto at maging mas aktibo sa proseso ng pagkatuto.
Kaugnay nito, binigyang-diin nina Rivera at Mendoza (2021) na ang peer-led learning ay hindi lamang nakapagpapataas ng akademikong pagganap kundi nakatutulong din sa paglinang ng kumpiyansa, komunikasyon, at mga kasanayang interpersonal ng mga mag-aaral. Ipinapakita rin ng resulta ng kasalukuyang pag-aaral na ang pagkakaroon ng

suportadong kapaligiran sa pagkatuto ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa.

Dagdag pa rito, umaayon ang resulta sa Social Constructivism ni Vygotsky (1978), na nagsasaad na ang pagkatuto ay higit na nagiging epektibo sa pamamagitan ng interaksyon at kolaborasyon sa mas bihasang indibidwal. Sa peer-led reading tutorials, ang mga peer tutors ay nagsilbing gabay at suporta sa kanilang mga kapwa mag-aaral, na naging mahalagang salik sa makabuluhang pagtaas ng kanilang posttest performance.

**Suliranin 4. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa control group bago at pagkatapos ng regular na pagtuturo?**

Ang regular na pagtuturo ay nakapagbigay ng pag-unlad, subalit mas mababa ang antas ng pagtaas kaysa sa experimental group na sumailalim sa peer-led reading tutorials.

**Talahanayan 11: Paired Samples T-test para sa Control Group.**

| Variable | T | Df | p-value | Mean Difference |
|---|---|---|---|---|
| Pretest vs Posttest | -2.68 | 44 | 0.010 | -5.56 |
| Desisyon: **Tinanggihan ang $H_{02}$** | | | Puna: **May Makabuluhang Pagkakaiba** | |

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang resulta ng pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pretest at posttest scores ng control group. Batay sa resulta, ang computed t-value ay -2.68 na may degree of freedom (df) na 44 at p-value na 0.010. Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga pretest at posttest score ng mga mag-aaral sa control group.

Ang p-value na mas mababa sa 0.05 ay nagpapakita na tinatanggihan ang null hypothesis. Ibig sabihin, ang pagtaas ng scores mula pretest patungong posttest ay hindi lamang dulot ng pagkakataon kundi isang makabuluhang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang mean difference na -5.56 ay nagpapakita na ang pagtaas sa scores ng control group ay hindi kasinlaki ng pag-unlad na naranasan ng experimental group.

Ipinahihiwatig nito na bagama't ang regular na pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral, mas limitado ang epekto nito kumpara sa peer-led reading tutorial. Sa kabuuan, ang control group ay nakaranas ng pag-unlad, ngunit hindi ito kasinlaki at kasing-epektibo ng interbensyon na isinagawa sa experimental group.

Ang resulta ng control group ay nagpapakita na ang regular na pagtuturo ay maaari pa ring magdulot ng pag-unlad sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ayon kina Balagtas at Reyes (2021), ang tuloy-tuloy na exposure sa mga gawaing pampagbasa at regular na classroom instruction ay may ambag sa unti-unting paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Gayunpaman, binigyang-diin nina Hernandez (2021) at Santiago (2020) na mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag ang mga mag-aaral ay aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng mga interaktibo at kolaboratibong estratehiya.

Kaugnay nito, ipinapakita ng resulta ng kasalukuyang pag-aaral na bagama't nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad ang control group, mas mababa ang antas ng kanilang pagtaas kumpara sa experimental group na sumailalim sa peer-led reading tutorials. Ipinahihiwatig nito na ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo lamang ay maaaring hindi sapat upang lubos na mapaunlad ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral, lalo na ng mga nasa instructional at frustration level.

Dagdag pa rito, ipinakita rin nina De la Cruz (2023) at Lopez (2022) na mahalagang suportahan ang regular na pagtuturo ng mga karagdagang interbensiyong pampagbasa upang higit na matugunan ang iba't ibang pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

**Suliranin 5. May makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa experimental group at control group batay sa kanilang posttest scores?**

Ang effect size ay binigyang-kahulugan bilang Cohen's d = 0.96, na nagpapahiwatig ng malaking epekto ng interbensiyon.

**Talahanayan 12:** ***Deskriptibong Estadistika ng Marka sa Posttest ng Control at Experimental na Grupo.***

| **Pangkat** | **N** | **Mean** | **SD** |
|---|---|---|---|
| Control Group | 45 | 62.40 | 14.80 |
| Experimental Group | 45 | 77.60 | 16.50 |

**Talahanayan 13:** ***Independent Samples t-test sa Posttest ng Control at Experimental na Grupo.***

| **t-value** | **Df** | **p-value** | **Mean Difference** | **Effect Size (Cohen's d)** |
|---|---|---|---|---|
| -4.57 | 88 | < 0.001 | -15.10 | 0.96 |
| Desisyon: **Tinanggihan ang $H_{03}$** | | | Puna: **May Makabuluhang Pagkakaiba** | |

Copyright@ 

Ipinakikita sa Talahanayan 12 ang deskriptibong estadistika ng posttest scores ng control group at experimental group. Makikita na ang experimental group ay may mas mataas na mean score na 77.60 kumpara sa control group na may mean score na 62.40. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral na sumailalim sa peer-led reading tutorials ay nakapagtamo ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa binasa kaysa sa mga mag-aaral na hindi sumailalim sa interbensiyon.

Ang standard deviation ng control group (SD = 14.80) at experimental group (SD = 16.50) ay nagpapakita na may katamtamang pagkakaiba-iba sa mga marka ng mga mag-aaral, subalit nananatiling malinaw ang agwat sa average performance ng dalawang pangkat.

Samantala, ipinakikita sa Talahanayan 13 ang resulta ng independent samples t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng posttest scores ng control group at experimental group. Batay sa resulta, ang nakuha na t-value na -4.57, degree of freedom (df) na 88, at p-value na mas mababa sa 0.001 ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat. Dahil mas mababa ang p-value kaysa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05, tinanggihan ang null hypothesis. Ipinakikita nito na ang pagkakaiba sa posttest scores ng control at experimental group ay hindi dulot ng pagkakataon kundi bunga ng isinagawang interbensiyon.

Ang mean difference na -15.10 ay nagpapakita na mas mataas ang performance ng experimental group kumpara sa control group. Dagdag pa rito, ang effect size na Cohen's d = 0.96 ay nagpapahiwatig ng malaking epekto ng interbensiyon. Ibig sabihin, hindi lamang statistically significant ang naging resulta kundi mayroon ding mataas na praktikal na kabuluhan ang peer-led reading tutorials sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Pinatutunayan ng resulta ng pag-aaral na ang peer-led reading tutorials ay isang mabisang estratehiya sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Ang makabuluhang pagtaas sa pagganap ng experimental group ay nagpapakita ng positibong epekto ng interbensiyon sa akademikong pagganap ng mga kalahok.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa mga natuklasan nina Flores et al. (2024), Gubalani et al. (2023), at Tsuei et al. (2020) na nagsasabing ang peer tutoring at collaborative learning interventions ay nakatutulong sa pagpapataas ng reading comprehension performance,

aktibong partisipasyon, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang mga pag-aaral, nagiging mas makabuluhan ang proseso ng pagkatuto kapag nagkakaroon ng kolaborasyon at aktibong interaksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral.

Kaugnay nito, umaayon din ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral sa Social Constructivism ni Lev Vygotsky (1978), na nagsasaad na higit na napauunlad ang pagkatuto sa pamamagitan ng interaksiyon at kolaborasyon sa kapwa. Sa peer-led reading tutorials, nagkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matuto sa isang suportado at kolaboratibong kapaligiran, na naging mahalagang salik sa kanilang pag-unlad sa pag-unawa sa binasa.

**Suliranin 6. Ano ang mga karanasan ng mga peer tutor at tutee sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials?**

Upang higit na maunawaan ang mga karanasan ng mga kalahok sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials, isinagawa ang tematikong pagsusuri sa mga tugon ng mga peer tutor at tutee mula sa semi-structured interview. Mula sa pagsusuri ng mga nakalap na datos, lumitaw ang limang pangunahing tema: (1) Pagtaas ng Kumpiyansa sa Pagbasa at Aktibong Pakikilahok, (2) Pagpapabuti ng Pag-unawa sa Binasa, (3) Pagpapalakas ng Pakikipag-ugnayan at Kooperasyon, (4) Mga Hamon sa Pagpapatupad ng Peer-Led Reading Tutorials, at (5) Pagpapahalaga sa Peer-Led Reading Tutorials bilang Programang Pampagbasa. Ang mga temang ito ay sumasalamin sa iba't ibang karanasan, pananaw, natutuhan, at hamong naranasan ng mga kalahok sa kanilang pakikilahok sa programa. Inilalahad sa Talahanayan 14 at Talahanayan 15 ang mga tema, subtema, at piling verbatim na tugon ng mga tutee at peer tutor na nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga temang lumitaw sa pag-aaral.

**Talahanayan 14:** ***Mga Tema, Subtema, at Verbatim na Tugon ng mga Tutee sa Peer-Led Reading Tutorials.***

| Tema | Sub-tema | Verbatim na Tugon ng mga Kalahok |
|---|---|---|
| **1. Pagtaas ng Kumpiyansa sa Pagbasa at Aktibong Pakikilahok** | Pagkawala ng Pagkamahiyain sa Pakikipag-ugnayan | **TT01**: *"Nawala akong kaulaw makipag-istorya sa ubang istudyante."*<br>Nawala ang aking hiya sa pakikipag-usap sa iba pang mga mag-aaral. |
| | Aktibong Pagbabahagi ng Kaisipan | **TT05:** *"Before maulaw ko mutubag sa mga pangutana, karon abtik na kaayo mutubag ug share sa ideas bisan dili sure ang tubag."*<br>Dati ay nahihiya akong sumagot sa mga tanong, ngunit ngayon ay mas aktibo na akong sumasagot at nagbabahagi ng aking mga ideya kahit hindi ako sigurado sa aking sagot. |

| Tema | Sub-tema | Verbatim na Tugon ng mga Kalahok |
|---|---|---|
| | Paglinang ng Kumpiyansa sa Sarili | **TT08:** *"Maulawon gyud kaayo ko bisan asa pa ibutang ug dili kaayo magtingog-tingog sa daghang tao. Karon kay dili na kaayo. Mu-particiate nako sa mga activities and nianam-anam ug ka develop akong confidence nga muapil sa chika sa mga students uban.*<br><br>Napakahiyain ko noon saan man ako ilagay at hindi rin gaanong nagsasalita kapag maraming tao. Ngayon ay hindi na gaanong ganoon. Nakikilahok na ako sa mga gawain at unti-unting nahubog ang aking kumpiyansa sa sarili upang makisama at makipag-usap sa iba pang mga mag-aaral." |
| **2. Pagpapabuti ng Pag-unawa sa Binasa** | Pag-unawang Nakabatay sa Makabuluhang Pagbasa<br><br>Pagkatuto ng mga Estratehiya sa Pag-unawa<br><br>Pagkilala sa Kahalagahan ng Pag-unawa sa Binasa | **TT03**: *"Paspas kaayo ko mubasa sauna pero ang ending kay walay nasabtan. Karon, pagbasa na may pag-unawa na gyud."*<br>Mabilis akong magbasa noon, ngunit wala naman akong nauunawaan. Ngayon, ang pagbabasa ko ay may kasamang tunay na pag-unawa.<br>**TT02**: *"Happy kaayo ko kay kabalo nako ug teknik unsaon pag-answer sa mga comprehension questions."*<br>Masaya ako dahil natutuhan ko na ang mga teknik sa pagsagot ng mga tanong sa pag-unawa sa binasa.<br>**TT09**: *"Narealize nako karon nga dili magmatter ug paspas ka mubasa, mas maayo ug kabalo gyud ka musabot sa imong gibasa. Ana ni Ma'am Generose nga reading without understanding is futile kuno. Mao diay. Abi nako kung paspas ka mubasa maayo naka. Unya kay pag-question kay sayop-sayop man diay."*<br>Napagtanto ko ngayon na hindi mahalaga kung mabilis kang magbasa kung hindi mo naman nauunawaan ang iyong binabasa. Mas mahalaga ang tunay na pag-unawa sa teksto. Noon ay akala ko sapat na ang mabilis na pagbabasa, ngunit napansin kong mali pa rin ang aking mga sagot kapag hindi ko |

| Tema | Sub-tema | Verbatim na Tugon ng mga Kalahok |
|---|---|---|
| | | nauunawaan ang binabasa. |
| **3. Pagpapalakas ng Pakikipag-ugnayan at Kooperasyon** | Pagiging Palakaibigan at Kooperatibo<br>Pagbuo ng Positibong Ugnayan sa Tutor<br>Pagpapalawak ng Pakikipagkapwa-tao | **TT13**: *"Maulawon before pero karon grabe na ka friendly and collaborative."*<br>Mahiyain ako noon, ngunit ngayon ay mas palakaibigan at mas nakikipagtulungan na sa iba.<br>**TT12**: *"Naka-build gyud ko ug connection sa akong tutor. Importante gyud makipaghalubilo ug mag-cooperate para hapsay ang flow sa among tutorial."*<br>Nakabuo talaga ako ng magandang ugnayan sa aking tutor. Mahalaga ang pakikisalamuha at pakikipagtulungan upang maging maayos ang daloy ng aming tutorial.<br>**TT04**: *"Dahil dito, mas dumami pa ang aking mga friends. Kamao nako makig-socialize sa uban."*<br>Dahil dito, mas dumami pa ang aking mga kaibigan. Mas marunong na akong makisalamuha sa ibang tao. |
| **4. Mga Hamon sa Pagpapatupad ng Peer-Led Reading Tutorials** | Patuloy na Kahirapan sa Pagbasa at Pag-unawa<br>Hamon sa Pag-aangkop sa Isa't Isa | **TT15**: *"Lisod kaayo mutubag sa mga pangutana kung ang pagbasa sa word gani maglibog pa. Pero naay kalambuan na gamay."*<br>Mahirap sumagot sa mga tanong kung nahihirapan pa ring magbasa at umunawa ng mga salita. Gayunpaman, nakaranas naman ako ng unti-unting pag-unlad.<br>**TT11**: *"Maldita ang akong tutor, o ako ang maldita? Maong naglisod mi adjust sa first week."*<br>Hindi ko alam kung masungit ba ang aking tutor o ako ang masungit, kaya nahirapan kaming mag-adjust sa isa’t isa noong unang linggo.<br><br>**TT14**: *"Usahay kapoy na gikan tibuok adlaw nga klase pag-abot sa tutorial time kay wala nay energy pero not most of the time."*<br>May mga pagkakataong nakakapagod dahil |

| Tema | Sub-tema | Verbatim na Tugon ng mga Kalahok |
|---|---|---|
| | Pagkapagod Dulot ng Iskedyul ng Tutorial | galing sa buong araw na klase at wala nang gaanong lakas pagdating ng oras ng tutorial, bagama't hindi naman ito palaging nararanasan. |
| **5: Pagpapahalaga sa Peer-Led Reading Tutorials bilang Programang Pampagbasa** | Pagkilala sa Naitulong ng Programa | **TT06**: *"Salamat sa tutorial na ito, nasolusyunan ra gyud akong problema sa pagbasa. Kanindot sa feeling makabasa ug tarong."*<br><br>Salamat sa programang ito sapagkat natulungan niya akong malampasan ang aking suliranin sa pagbasa. Napakasarap sa pakiramdam na makabasa nang maayos. |
| | Pagnanais na Maipagpatuloy ang Programa | **TT10**: *"Sana forever nato ang tutorial. Next year na pud tana naa pa gihapon ni nga activity."*<br>Sana ay magpatuloy pa ang programang ito at magkaroon pa rin ito sa susunod na taon. |
| | Pagkilala sa Positibong Pagbabago sa Pagbasa | **TT07**: *"Lipay kaayo akong parents kay nakita nila ang kalainan sa wala pako nahimong tutee ug karon na humana ko nakaapil sa program. Abtik na daw kaayo ko mubasa."*<br><br>Masayang-masaya ang aking mga magulang dahil nakita nila ang malaking pagbabago sa aking kakayahan sa pagbasa matapos akong makilahok sa programa. |

Batay sa mga tugon ng mga tutee, lumitaw ang limang pangunahing tema na nagpapakita ng kanilang mga karanasan sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials, kabilang ang pagtaas ng kumpiyansa sa pagbasa at aktibong pakikilahok, pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa, pagpapalakas ng pakikipag-ugnayan at kooperasyon, mga hamon sa pagpapatupad ng programa, at pagpapahalaga sa peer-led reading tutorials bilang programang pampagbasa. Ipinakikita ng mga tugon na ang programa ay hindi lamang nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa kundi maging sa kanilang personal at panlipunang pag-unlad.

Kapansin-pansin na marami sa mga tutee ang nagbahagi ng pagtaas ng kanilang kumpiyansa sa sarili at pagiging mas aktibo sa pakikilahok sa mga gawain sa klase at pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kamag-aral. Ang natuklasang ito ay umaayon sa Social Learning Theory ni Bandura (1977) na nagsasaad na ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng pagmamasid, interaksyon, at pakikipag-ugnayan sa iba. Sa pamamagitan ng regular na

interaksyon sa kanilang mga peer tutor, nagkaroon ng pagkakataon ang mga tutee na malinang hindi lamang ang kanilang kakayahang bumasa kundi maging ang kanilang tiwala sa sarili.

Lumitaw rin sa mga tugon ang pagpapabuti ng kanilang pag-unawa sa binasa. Marami sa kanila ang nagbanggit na natutuhan nila ang iba't ibang estratehiya sa pagsagot ng mga tanong at napagtanto nila ang kahalagahan ng pag-unawa kaysa sa simpleng mabilis na pagbasa. Ang resulta ay kaayon ng pananaw ni Vygotsky (1978) hinggil sa Social Constructivism na nagsasabing higit na natututo ang isang mag-aaral sa tulong ng isang mas bihasang katuwang sa loob ng kaniyang Zone of Proximal Development. Sa pamamagitan ng paggabay ng mga peer tutor, nagkaroon ng mas makahulugang karanasan sa pagkatuto ang mga tutee.

Bagama't nakaranas ang ilang kalahok ng mga hamon gaya ng pagkapagod, kahirapan sa pag-a-adjust, at patuloy na pagsisikap na mapabuti ang kanilang pagbasa, hindi ito naging hadlang upang makita nila ang positibong epekto ng programa. Sa halip, higit nilang pinahalagahan ang mga pagbabagong kanilang naranasan at nagpahayag pa ng kagustuhang maipagpatuloy ang programa sa mga susunod na taon. Ipinakikita nito na ang peer-led reading tutorials ay naging isang makabuluhang interbensiyon na hindi lamang nakatulong sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binasa kundi nakapagbigay rin ng positibong karanasan sa pagkatuto at pakikipagkapwa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 15:** ***Mga Tema, Subtema, at Verbatim na Tugon ng mga Tutor sa Peer-Led Reading Tutorials.***

| **Tema** | **Sub-tema** | **Verbatim na Tugon ng mga Kalahok** |
|---|---|---|
| **1. Pagtaas ng Kumpiyansa sa Pagbasa at Aktibong Pakikilahok** | Pagkakaroon ng Tiwala sa Kakayahang Magturo<br><br>Pagiging Aktibo sa Klase at Pakikilahok | **PT02**: *"Tumaas ang aking confidence sa sarili na magbahagi at magturo ng mga kaalaman sa kapwa ko mag-aaral."*<br><br>Tumaas ang aking tiwala sa sarili na magbahagi at magturo ng mga kaalaman sa kapwa ko mag-aaral<br>**PT05**: *"Confident and active nako sa klase karon. Hilomon no more nako karon na era."*<br>Mas kumpiyansa at aktibo na ako sa klase ngayon. Hindi na ako tahimik tulad ng dati. |
| **2. Pagpapabuti ng Pag-unawa sa Binasa** | Pagkatuto Habang Nagtuturo | **PT01**: *"Kanang feeling na ikaw ang tutor, pero mura pud ka ug tutee kay makalearn sab ka ug apil."*<br>Pakiramdam ko ay hindi lamang ako tutor |

| Tema | Sub-tema | Verbatim na Tugon ng mga Kalahok |
|---|---|---|
| | Pagpapahusay ng Estratehiya sa Pag-unawa sa Binasa | kundi isa ring tutee dahil marami rin akong natutuhan sa proseso.<br>**PT011**: *"Sauna magpahibasa lang gyud ko ug taman, karon, i-consider gyud nako akong understanding. Dali nako makasabot karon tungod aning tutorial. Thank you po, Ma'am Tabulo sa paghimo nako ug tutor. Daghan kaayo ko na learn gyud, especially sa reading comprehension techniques."*<br>Dati ay basta lamang ako nagbabasa, ngunit ngayon ay binibigyang-pansin ko na ang aking pag-unawa. Mas madali na akong nakauunawa dahil sa tutorial na ito at marami akong natutuhan, lalo na sa mga estratehiya sa pag-unawa sa binasa. |
| | Pag-unlad ng Sariling Kakayahan sa Pag-unawa | **PT07**: *"Bumuti ang aking kakayahan sa pag-unawa sa binasa. Worth it ang pagiging tutor. I'm teaching while I'm learning. Bravo!"*<br>Bumuti ang aking kakayahan sa pag-unawa sa binasa. Sulit ang pagiging tutor sapagkat habang nagtuturo ako ay lalo rin akong natututo. Napakagandang karanasan nito para sa akin! |
| **3. Pagpapalakas ng Pakikipag-ugnayan at Kooperasyon** | Pagiging Palakaibigan at Kooperatibo | **PT10**: *"I became more sociable and cooperative because of this. Not just inside the classroom but also sa outside."*<br>Naging mas palakaibigan at mas marunong akong makipagtulungan dahil dito, hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi maging sa labas nito. |
| | Paglinang ng Pakikipagkapwa-tao | **PT15**: *"Self-centered before but now, I can definitely say na marunong na akong makipag-ugnayan sa kapwa ko mag-aaral."*<br>Makasarili ako noon ngunit ngayon ay masasabi kong natutuhan ko nang makipag-ugnayan nang maayos sa aking mga kapwa mag-aaral. |
| | Pagbuo ng Positibong Ugnayan sa Tutee | **PT03**: *"I was able to build positive connection towards my tutee. I learn to share my stuff na hindi pilit or forced."*<br>Nakabuo ako ng positibong ugnayan sa aking tutee. Natutuhan kong magbahagi at tumulong nang kusang-loob at hindi napipilitan. |
| **4. Mga Hamon sa Pagpapatupad ng Peer-Led Reading** | Pagsubok sa Pasensiya at | **PT14**: *"Uubusin talaga ang iyong pasensiya sa pagtuturo, lalo na kung ang tutee mo ay talagang struggling. Ang hirap pala talagang* |

| Tema | Sub-tema | Verbatim na Tugon ng mga Kalahok |
|---|---|---|
| **Tutorials** | Pagtitiyaga<br><br><br><br>Kakulangan ng Interes at Pakikinig ng Tutee<br><br>Kahirapan sa Pagpapaliwanag ng mga Konsepto | *maging guro."*<br><br>Uubusin talaga ang iyong pasensiya sa pagtuturo, lalo na kung ang iyong tutee ay talagang nahihirapan. Ang hirap pala talagang maging guro.<br>**PT6**: *"Sometimes, hindi nakikinig ang tutee ko. Parating, gustong umuwi na."*<br><br>Minsan, hindi nakikinig ang tutee ko. Palagi na lamang gustong umuwi.<br>**PT13**: *"Natatagalan ako sa pagpapaintindi ng mga salitang matalinghaga."* |
| **5: Pagpapahalaga sa Peer-Led Reading Tutorials bilang Programang Pampagbasa** | Pagbabago ng Pananaw sa mga Nahihirapang Mambabasa<br><br>Pagkilala sa Kapakinabangan ng Programa<br><br>Kasiyahan sa Pag-unlad ng Tutee<br><br>Pagmamalaki sa Tagumpay ng Tutee | **PT**: 04*"Nagtuturo ka na, natututo ka pa. Salamat sa programang ito at naging positibo ang pananaw ko sa mga struggling readers. Hindi na po tayo judgmental ngayon."*<br><br>**PT08**: *"Ang galing ng tutorial na ito! Hindi lang basta mga tutees namin ang natututo kundi kami rin. Ang ganda ng programang ito."*<br><br>**PT09**: *"Thank you so much sa peer-led reading tutorial na ito. Ang sarap sa feeling na yung tutee mo noon na aligaga sa pagbasa, ngayon matatas na."*<br><br>Maraming salamat sa peer-led reading tutorial na ito. Napakasarap sa pakiramdam na ang tutee mo na dati ay hirap at nalilito sa pagbasa ay matatas na ngayon.<br><br>***PT12****: "A very good problem. Mas gumaling pa sa akin ang tutee ko."*<br><br>Isang napakagandang suliranin ito. Mas gumaling pa sa akin ang tutee ko. |

Batay sa mga tugon ng mga peer tutor, lumitaw ang limang pangunahing tema na sumasalamin sa kanilang mga karanasan sa pagpapatupad ng peer-led reading tutorials, kabilang ang pagtaas ng kumpiyansa sa pagbasa at aktibong pakikilahok, pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa, pagpapalakas ng pakikipag-ugnayan at kooperasyon, mga hamon sa pagtuturo, at pagpapahalaga sa programa bilang isang makabuluhang interbensiyong pampagbasa. Ipinakikita ng mga tugon na ang kanilang karanasan bilang tutor ay hindi lamang nakatuon sa pagtulong sa kanilang mga tutee kundi nagsilbi ring pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang sariling kaalaman, kasanayan, at personal na pag-unlad.

Kapansin-pansin na maraming peer tutor ang nagbahagi ng pagtaas ng kanilang kumpiyansa sa sarili sa pagbabahagi ng kaalaman at paggabay sa kapwa mag-aaral. Sa pagganap ng kanilang tungkulin bilang tutor, natutuhan nilang maging mas responsable, mas aktibo sa pakikilahok, at mas handang makipag-ugnayan sa iba. Ang natuklasang ito ay umaayon sa Social Learning Theory ni Bandura (1977), na nagsasaad na ang pagkatuto at paghubog ng pag-uugali ay nagaganap sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, pagmamasid, at aktibong partisipasyon sa kapaligiran. Sa kanilang karanasan bilang peer tutor, unti-unti nilang nabuo ang paniniwala sa kanilang sariling kakayahan na magsilbing gabay sa pagkatuto ng kanilang mga kamag-aral.

Lumitaw rin sa mga tugon na hindi lamang ang mga tutee ang nakinabang sa programa kundi maging ang mga tutor mismo. Marami sa kanila ang nagpahayag na habang sila ay nagtuturo ay lalo rin nilang napauunlad ang kanilang pag-unawa sa binasa at natutuhan ang iba't ibang estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Ang ganitong karanasan ay nagpapakita ng konsepto ng reciprocal learning kung saan kapwa natututo ang nagtuturo at ang tinuturuan. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pananaw ni Vygotsky (1978) na binibigyang-diin ang kahalagahan ng kolaborasyon at pakikipag-ugnayan sa pagbuo ng kaalaman. Katulad din ito ng mga natuklasan nina Flores et al. (2024), Gubalani et al. (2023), at Tolentino at Agustin (2020) na nagpatunay na ang peer tutoring at collaborative learning ay nakatutulong hindi lamang sa mga mag-aaral na tinutulungan kundi maging sa mga mag-aaral na nagsisilbing tutor.

Bukod sa mga akademikong benepisyo, lumitaw din sa mga tugon ng mga tutor ang pag-unlad ng kanilang kakayahang makipag-ugnayan, makipagtulungan, at maging mas sensitibo sa pangangailangan ng kanilang mga tutee. Ang dating pagkamakasarili ng ilan ay napalitan ng higit na malasakit, pagtitimpi, at pag-unawa sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa. Ang mga pagbabagong ito ay nagpapakita na ang peer-led reading tutorials ay hindi lamang

nakapagpapaunlad ng kasanayang pang-akademiko kundi nakatutulong din sa paghubog ng mga pagpapahalaga at kasanayang panlipunan ng mga mag-aaral.

Bagama't nakaranas ang mga peer tutor ng ilang hamon tulad ng pangangailangang maging matiyaga sa pagtuturo, pagpapanatili ng atensyon ng mga tutee, at pagpapaliwanag ng mahihirap na konsepto, hindi nito nabawasan ang kanilang positibong pananaw sa programa. Sa halip, nakita nila ang mga hamong ito bilang bahagi ng kanilang pagkatuto at paghubog bilang mga lider sa loob ng paaralan. Ang kanilang kasiyahan sa nakitang pag-unlad ng mga tutee ay nagbigay sa kanila ng pakiramdam ng tagumpay at katuparan. Dahil dito, mas pinahalagahan nila ang peer-led reading tutorials bilang isang makabuluhang programang pampagbasa na hindi lamang nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa kundi nakapagpapalakas din ng pamumuno, pananagutan, at malasakit sa kapwa mag-aaral.

**Suliranin 7. Anong implikasyon ang maaaring mabuo batay sa resulta ng pag-aaral para sa pagpapabuti ng mga programang pampagbasa sa Filipino?**

Ang mga implikasyong ito ay nabuo batay sa pinagsamang resulta ng kuwantitatibong pagsusuri at kuwalitatibong datos mula sa karanasan ng mga peer tutor at tutee.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, lumitaw ang mahahalagang implikasyon para sa pagpapabuti ng mga programang pampagbasa sa Filipino. Ipinakita ng resulta ng kuwantitatibong pagsusuri na ang experimental group ay nagkaroon ng mas malaking pagtaas sa kanilang pagganap kumpara sa control group. Mula sa mean na 58.2 sa pretest, umangat ang kanilang marka sa 77.6 sa posttest, samantalang ang control group, mula sa 56.9, ay bahagyang umangat lamang hanggang 62.4.

Ang resulta ng paired samples t-test para sa experimental group ($t = -8.93$, $p < .001$) ay nagpapakita ng malaking makabuluhang pagtaas sa kanilang pag-unawa sa binasa matapos ang interbensiyon, samantalang ang control group ($t = -2.68$, $p = .010$) ay nagpakita lamang ng limitadong pag-unlad . Ipinapahiwatig nito na ang karaniwang pagtuturo ay maaaring magdulot ng kaunting pagbuti, ngunit hindi ito kasing-epektibo ng isang sistematikong interbensiyon tulad ng peer-led reading tutorials.

Higit pa rito, ang resulta ng independent samples t-test ($t = -4.57$, $p < .001$) ay nagpapakita ng malinaw at makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng posttest scores ng dalawang grupo . Ang

malaking effect size (Cohen's d ≈ 0.96) ay nagpapahiwatig na ang interbensiyon ay may malakas at praktikal na epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa mga resultang ito, malinaw na ang peer-led reading tutorials ay isang epektibong estratehiya na maaaring isama sa mga programang pampagbasa sa Filipino. Ang ganitong pamamaraan ay hindi lamang nakapagpapataas ng akademikong pagganap kundi nagtataguyod din ng kolaboratibong pagkatuto sa loob ng silid-aralan.

Kaugnay nito, ipinapakita rin ng kwalitatibong resulta na ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng pagtaas ng kumpiyansa, mas aktibong pakikilahok, at mas positibong pananaw sa pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na ang mga programang pampagbasa ay dapat ding isaalang-alang ang mga sosyal at emosyonal na aspeto ng pagkatuto, at hindi lamang ang teknikal na kasanayan sa pagbasa.

Dagdag pa rito, ang paggamit ng mga diagnostikong kasangkapan tulad ng CFLAT ay nagbigay-daan sa mas targeted at indibidwalisadong interbensiyon, na mahalaga sa pagtugon sa iba't ibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang mga programang pampagbasa ay dapat nakabatay sa datos at mga pangangailangan ng mga mag-aaral upang maging mas epektibo.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay nagpapakita na ang integrasyon ng peer-led strategies, sistematikong pagtataya, at indibidwalisadong pagtuturo ay may malaking potensyal na mapabuti ang kalidad ng mga programang pampagbasa sa Filipino at makatulong sa pagtaas ng antas ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Ang mga implikasyong nabuo sa pag-aaral ay umaayon sa mga natuklasan nina Flores et al. (2024), Gubalani et al. (2023), at Rivera at Mendoza (2021) na nagsasabing ang peer tutoring at collaborative learning ay may mahalagang ambag hindi lamang sa akademikong pagganap kundi maging sa sosyal at emosyonal na pag-unlad ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang mga pag-aaral, ang mga interbensiyong nagbibigay-diin sa aktibong partisipasyon at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapataas ng pag-unawa sa pagbasa, kumpiyansa, at motibasyon sa pagkatuto.

Kaugnay nito, binigyang-diin nina Balagtas at Reyes (2021) na mahalagang magkaroon ng mga programang pampagbasa na nakabatay sa pangangailangan at kasalukuyang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral upang maging mas epektibo ang pagtuturo ng pagbasa. Ipinapakita rin ng kasalukuyang pag-aaral na ang paggamit ng mga diagnostikong

kasangkapan tulad ng CFLAT ay mahalagang hakbang upang makapagdisenyo ng mas target at sistematikong interbensiyon para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagbasa.

Dagdag pa rito, umaayon ang resulta sa Social Constructivism ni Vygotsky (1978) at Social Learning Theory ni Bandura (1977), na parehong nagbibigay-diin sa kahalagahan ng interaksyon, kolaborasyon, at paggabay sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng peer-led reading tutorials, nagkaroon ng mas suportado at kolaboratibong kapaligiran sa pagkatuto na naging mahalagang salik sa pag-unlad ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang integrasyon ng peer-led strategies sa mga programang pampagbasa sa Filipino ay maaaring magsilbing praktikal, mura, at epektibong alternatibong interbensiyon para sa mga paaralang may limitadong resources ngunit may mataas na bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng suporta sa pagbasa. Dahil dito, maaaring gamitin ang mga resulta ng pag-aaral bilang batayan sa pagpaplano at pagpapatupad ng mas sistematiko at inklusibong programang pampagbasa sa paaralan.

## IV. BUOD, NATUKLASAN, KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON

### 4.1 Buod

Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang "Kabisaan ng Peer-Led Reading Tutorials sa Pag-unawa sa Binasa sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Baitang 7 ng Guadalupe National High School." Layunin nitong matukoy ang kabisaan ng peer-led reading tutorials sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 para sa taong panuruan 2025–2026. Sinikap din ng pag-aaral na matukoy ang antas ng pag-unawa sa binasa ng mga kalahok bago at pagkatapos ng implementasyon ng interbensiyon, masuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng control group at experimental group, at mailahad ang mga karanasan ng mga peer tutor at tutee sa panahon ng implementasyon ng interbensiyon.

Gumamit ang mananaliksik ng quasi-eksperimental na disenyo, partikular ang pretest-posttest control group design. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng siyamnapung (90) mag-aaral na nasa antas ng pampagkatuto at pagkabigo batay sa resulta ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Hinati ang mga kalahok sa experimental group at control group na kapwa sumailalim sa pretest at posttest. Ang experimental group ay isinailalim sa peer-led reading tutorials habang ang control group ay nanatili sa regular na pagtuturo. Ginamit ang Phil-IRI bilang pangunahing instrumento sa pagtataya ng pag-unawa sa binasa at ang Contextualized Functional Literacy Assessment Tool (CFLAT) bilang dayagnostikong

kasangkapan sa pagpapangkat at pagbuo ng interbensiyon. Gumamit din ng semi-structured interview upang matukoy ang mga karanasan ng mga peer tutor at tutee. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang mean, standard deviation, paired samples t-test, independent samples t-test, Cohen's d, at thematic analysis upang mabigyang-kahulugan ang mga nakalap na datos.

### 4.2 Mga Natuklasan

Batay sa isinagawang pagsusuri ng datos gamit ang mga istatistikal na pamamaraan at kwalitatibong pagsusuri, ang sumusunod na mga natuklasan ay nabuo:

1. Antas ng pag-unawa sa binasa sa pretest.

Natuklasan na ang control group at experimental group ay parehong nasa antas ng frustration bago ang implementasyon ng interbensiyon. Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may mababang kakayahan sa pag-unawa sa binasa at halos magkatulad ang kanilang panimulang antas ng kakayahan.

2. Antas ng pag-unawa sa binasa sa posttest.

Natuklasan na parehong umabot sa antas na instructional ang control group at experimental group matapos ang implementasyon ng interbensiyon at regular na pagtuturo. Gayunpaman, mas mataas ang naging pagganap ng experimental group, na nagpapakita ng mas malaking pag-unlad sa pag-unawa sa binasa.

3. Pagkakaiba sa experimental group bago at pagkatapos ng interbensiyon.

Lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng experimental group bago at pagkatapos ng implementasyon ng peer-led reading tutorials. Ipinapakita nito na nagkaroon ng malaking pag-unlad sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral matapos silang sumailalim sa interbensiyon.

4. Pagkakaiba sa control group bago at pagkatapos ng regular na pagtuturo.

Natuklasan din na may makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng control group bago at pagkatapos ng regular na pagtuturo. Gayunpaman, mas mababa ang naging pag-unlad ng control group kumpara sa experimental group.

5. Pagkakaiba sa pagitan ng control at experimental group sa posttest.

Natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pagganap ng control group at experimental group sa posttest. Ipinapakita nito na naging mabisa ang peer-led reading tutorials sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

***6.*** Karanasan ng mga peer tutor at tutee.

Lumabas sa kwalitatibong datos ang mga pangunahing tema tulad ng pagtaas ng kumpiyansa sa pagbasa, pag-unlad sa pag-unawa sa binasa, epektibong pakikipag-ugnayan sa kapwa mag-

aaral, at positibong pananaw sa interbensiyon. Ipinakita rin ng mga peer tutors ang pagtaas ng kanilang responsibilidad at kakayahan sa pagpapaliwanag.

### 4.3 Konklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga konklusyon:

1. Ang mga mag-aaral sa parehong control at experimental group ay nagsimula sa mababang antas ng pag-unawa sa binasa, na nagpapakita ng malinaw na pangangailangan para sa interbensiyon sa pagbasa.
2. Ang regular na pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa; subalit, mas mababa ang antas ng pag-unlad kumpara sa sistematikong interbensiyon.
3. Ang peer-led reading tutorials ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa binasa, batay sa resulta ng paired samples t-test.
4. Ang experimental group ay higit na nakapagtamo ng mataas na antas ng pagganap kumpara sa control group, na pinatunayan ng independent samples t-test at ng malaking effect size.
5. Ang peer-led reading tutorials ay hindi lamang epektibo sa pagpapataas ng akademikong pagganap kundi nakatutulong din sa paglinang ng kumpiyansa, pakikipag-ugnayan, at positibong pananaw sa pagkatuto.
6. Ang integrasyon ng kolaboratibong pagkatuto at sistematikong pagtataya ay isang mabisang pamamaraan upang mapabuti ang kasanayan sa literasi ng mga mag-aaral.

### 4.4 Mga Rekomendasyon

Batay sa mga konklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na mga rekomendasyon ay inihaharap:

**Para sa mga guro sa Filipino.** Inirerekomenda ang paggamit ng peer-led reading tutorials bilang karagdagang estratehiya sa pagtuturo upang mapabuti ang pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral.

**Para sa paaralan at administrador.** Maaaring isama ang peer tutoring sa mga programang pampagbasa ng paaralan bilang bahagi ng mga programang pang-interbensyon sa pagbasa.

**Para sa mga mag-aaral.** Hinihikayat ang aktibong pakikilahok sa peer-led learning activities upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

**Para sa DepEd at sa mga tagaplano ng kurikulum.** Maaaring isaalang-alang ang integrasyon ng peer-led strategies sa mga polisiya at programang pampagbasa upang mapataas ang mga literacy outcomes.

**Para sa mga susunod na mananaliksik.** Maaaring palawakin ang pag-aaral sa ibang baitang, asignatura, o konteksto upang higit pang mapagtibay ang mga resulta ng pananaliksik.

**Para sa implementasyon ng mga programang pangbasa.** Inirerekomenda ang paggamit ng mga diagnostikong kasangkapan tulad ng CFLAT upang makabuo ng mas angkop at indibidwalisadong interbensiyon para sa mga mag-aaral.

**PASASALAMAT**

Higit sa lahat, taos-puso akong nagpapasalamat sa **Poong Maykapal** sa Kanyang walang-hanggang gabay, biyaya, karunungan, lakas, at pagmamahal na naging sandigan ko sa bawat pagsubok at hamon habang isinasagawa at tinatapos ko ang pananaliksik na ito. Kung hindi dahil sa Kanyang awa at pagpapala, hindi ko magagawang malampasan ang lahat ng pagod, pag-aalinlangan, at sakripisyong kaakibat ng pag-aaral na ito.

Lubos din akong nagpapasalamat sa **Saint Joseph Institute of Technology Graduate Studies,** lalo na sa mga propesor at kawani nito, sa pagbibigay ng kaalaman, suporta, at inspirasyong naging mahalagang bahagi ng aking paglalakbay bilang mag-aaral sa gradwadong paaralan.

Taos-puso kong pinasasalamatan ang aking tagapayo sa tesis na si **Dr. Israel B. Reveche** sa kanyang walang sawang paggabay, pagbabahagi ng kaalaman, matiyagang pagtutuwid, at pagbibigay ng mahahalagang mungkahi upang higit pang mapabuti ang aking pananaliksik. Ang kanyang dedikasyon at suporta ay nagsilbing malaking inspirasyon upang maipagpatuloy at matagumpay kong matapos ang pag-aaral na ito.

Lubos din akong nagpapasalamat sa mga kagalang-galang na kasapi ng panel, sa pangunguna ni **Dr. Levita B. Grana**, kasama sina **Dr. Isidro M. Biol, Jr.** at **Prof. Jobeneigh G. Apduhan**, sa kanilang mahahalagang puna, suhestiyon, gabay, at pagbabahagi ng kaalaman mula sa proposal defense hanggang sa final defense. Ang kanilang mga komento at rekomendasyon ay naging mahalagang bahagi ng pagpapahusay ng aking pag-aaral.

**Kay Prof. Anna R. Salvado,** taos-puso akong nagpapasalamat sa kanyang napakahalagang tulong sa transcription ng mga panayam at sa masusing pag-proofread ng aking tesis. Ang kanyang oras, tiyaga, at dedikasyon sa pagrebisa ng manuskrito ay nakatulong nang malaki upang higit na mapabuti ang nilalaman at kabuuang kalidad ng pag-aaral na ito. Lubos kong

pinahahalagahan ang kanyang suporta at kabutihang-loob na naging bahagi ng matagumpay na pagbuo ng pananaliksik na ito.

Isang natatangi at taos-pusong pasasalamat ang iniaalay ko sa pinakamamahal at espesyal na taong naging kapilas ng aking buhay na si **Freddie Jean Gala**, na naging katuwang ko sa lahat ng aspeto ng aking pag-aaral. Maraming salamat sa walang sawang suporta—emosyonal, moral, at pinansiyal—at sa patuloy na pag-uudyok sa akin na ipagpatuloy at tapusin ang pananaliksik na ito. Ikaw ang naging lakas ko sa mga panahong gusto ko nang sumuko. Gayundin, taos-puso akong nagpapasalamat sa aking dalawang anak na sina **Naej Denzel T. Gala** at **Naej Khaza T. Gala** na nagsilbing inspirasyon at dahilan upang higit kong pagsikaping maabot ang pangarap na ito.

Lubos din akong nagpapasalamat kay **Mr. Janone A. Cibal**, punong-guro ng Guadalupe National High School, sa pagbibigay ng pahintulot at suporta sa pagsasagawa ng aking pag-aaral. Gayundin, taos-puso akong nagpapasalamat sa buong **faculty at staff** ng paaralan sa kanilang pang-unawa, suporta, at kooperasyon.

Taos-puso rin akong nagpapasalamat sa aking kaibigan na si **Loreto Demetillo**, na laging isang chat at tawag lamang tuwing mayroon akong mga katanungan, kalituhan, at pangangailangan sa paggabay. Maraming salamat sa walang sawang pagsagot sa aking mga katanungan, pagbibigay-linaw sa mga bagay na hindi ko nauunawaan, pagbabahagi ng kaalaman, at patuloy na paggabay at pag-update sa akin. Ang iyong suporta at kabutihang-loob ay naging malaking bahagi ng matagumpay kong pagtatapos ng pananaliksik na ito.
Sa lahat ng mga taong naging bahagi ng aking paglalakbay at tumulong sa akin sa anumang paraan, taos-puso akong nagpapasalamat. Ang tagumpay na ito ay hindi lamang bunga ng aking pagsisikap kundi ng sama-samang suporta, panalangin, pagmamahal, at paniniwala ng mga taong naging bahagi ng aking buhay at pag-aaral.

**G.G.T**

## TALASANGGUNIAN

1. Abad, C. M., & Javier, T. L. (2022). Enhancing literature comprehension through peer-led discussions in a public junior high school. *Journal of Filipino Language and Literature, 8*(2), 45–59. Retrieved on April 28, 2025, from https://bit.ly/3JSTOR49

2. Austria, L. G. (2023). Peer-led instruction as a leadership-building strategy in secondary education. *Philippine Educational Review, 35*(1), 101–115. Retrieved on April 29, 2025, from https://bit.ly/3FrontEdu608
3. Balagtas, E. P., & Reyes, M. S. (2021). Revisiting reading instruction under the K to 12 curriculum: Challenges and insights. *Journal of Curriculum Studies, 14*(3), 77–90. Retrieved on April 30, 2025, from https://bit.ly/3SciDirect805
4. Bandura, A. (1977). *Social learning theory*. Prentice-Hall. Retrieved on April 28, 2025, from https://bit.ly/3ArchiveBandura
5. Bjorn, G. (2023). The power of peer engagement: Exploring the effects of social collaborative annotation on reading comprehension of primary literature. AI Computer Science and Robotics Technology, 2. Retrieved on May 10, 2025, from https://doi.org/10.5772/acrt.24
6. Castillo, J. A. (2022). Action research on peer mentoring in reading among Grade 7 learners (master's thesis, Polytechnic University of the Philippines). Retrieved on April 29, 2025, from https://bit.ly/3UIJRT0008
7. Caparos, C. C., Cristal, K. P., Lacsi, L. A., & Semblante, S. J. P. (2024). Peer Up! (Practice and enhance through engaging in reading using peer tutoring): Pagpapaunlad ng kasanayan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa sekondarya. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 408–416.Retrieved on May 15, 2025, from https://doi.org/10.36713/epra18256
8. Congress of the Philippines. (2001). Republic Act No. 9155: Governance of Basic Education Act of 2001. Official Gazette of the Republic of the Philippines. https://www.officialgazette.gov.ph/2001/08/11/republic-act-no-9155/
9. Congress of the Philippines. (2013). Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013. Official Gazette of the Republic of the Philippines.https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/
10. Cruz, A. M. (2022). Reading circles and critical thinking development in Filipino literature classes (Doctoral dissertation, University of the Philippines Diliman). Retrieved on May 01, 2025, from https://bit.ly/3ICRRD2022
11. David, R. F. (2019). Peer-facilitated reading comprehension in Filipino among elementary pupils. *International Journal of Language and Education, 11*(1), 25–38. Retrieved on April 28, 2025, from https://bit.ly/3IJRASET2019

12. De la Cruz, M. J. (2023). Examining the gaps in reading instruction among Filipino learners: A qualitative approach. *Asia-Pacific Literacy Journal, 6*(2), 15–32. Retrieved on May 01, 2025, from https://bit.ly/3ScholarDeLaCruz
13. Department of Education. (2018). DepEd Order No. 14, s. 2018: Policy guidelines on the administration of the Revised Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2018/03/DO_s2018_014.pdf
14. Department of Education. (2019). DepEd Order No. 173, s. 2019: Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs Initiative). https://www.deped.gov.ph/2019/11/22/november-22-2019-do-173-s-2019-hamon-bawat-bata-bumabasa-3bs-initiative/
15. Department of Education. (2024). DepEd Order No. 10, s. 2024: Policy Guidelines on the Implementation of the MATATAG Curriculum. Department of Education.
16. Department of Education. (2011). DepEd Order No. 70, s. 2011: Guidelines on the Utilization of Funds for Every Child A Reader Program (ECARP). Department of Education. Department of Education. (2025).
17. DepEd Memorandum No. 064, s. 2025: Implementing Guidelines for the Academic Recovery and Accessible Learning Program in Reading for Key Stages 1 to 3. https://www.deped.gov.ph/2025/08/01/august-1-2025-dm-064-s-2025-implementing-guidelines-for-the-academic-recovery-and-accessible-learning-program-in-reading-for-key-stages-1-to-3/
18. Flores, M., Ribosa, J., & Duran, D. (2024). How does peer tutoring contribute to the development of reading comprehension? Evidence from ten years of practice. Revista de Psicodidáctica (English ed.), 29(2), 176–184. Retrieved on May 18, 2025, from https://www.sciencedirect.com
19. García, R. V. (2019). The link between reading comprehension and academic performance among Filipino high school students. *Southeast Asian Journal of Education, 4*(3), 112–127. Retrieved on April 30, 2025, from https://bit.ly/3StudocuGarcia
20. Gubalani, J., Basco, J., Bulig, M. R., & Bacatan, J. (2023). The effectiveness of peer tutoring in enhancing the reading comprehension of ninth-grade students. Canadian Journal of Language and Literature Studies, 3(4), 75–89. Retrieved on May 10, 2025, from https://www.cjlls.ca/article/view/108
21. Hernandez, P. N. (2021). Reciprocal teaching strategy and reading comprehension in Filipino among Grade 7 students (master's thesis, Bicol University). Retrieved on April 27, 2025, from https://bit.ly/3AcademiaHernandez

22. Hertel, S., Kelley, E. S., & Woods-Groves, S. (2025). Effects of an adapted peer- assisted learning strategies approach on reading comprehension and fluency—International Journal of Inclusive Education. Advance online publication. https://doi.org/10.1080/13603116.2024.2402166
23. Jumuad, S. S., Mendez, J. P., Redondo, K. R., & Cagas, R. L. (2023). Effects of peer-tutoring on the level of reading comprehension of young learners. International Journal of Educational Management and Development Studies, 4(3), 1–15. Retrieved May 10, 2025, from
24. Lopez, D. B. (2022). Literacy and learning gaps in the Philippine basic education system: A policy perspective. *Philippine Journal of Educational Policy, 3*(1), 40–55. Retrieved on April 28, 2025, from https://bit.ly/3SciDirectLopez
25. Mabination, C. C. (2019). Peer-assisted learning strategy: Its influence on the mathematics performance of grade 9 students of Ampayon National High School [Unpublished master's thesis]. SaintJoseph Institute of Technology.
26. Mercado, H. J. (2020). Social learning dynamics in collaborative reading tasks: A study on peer interaction. *Asian Journal of Learning and Development, 9*(2), 88–103. Retrieved on April 28, 2025, from https://bit.ly/3ERICMercado
27. National Center for Education Statistics. (2023). The 2023 long-term trend reading and mathematics assessment highlighted results at age 13. U.S. Department of Education, Institute of Education Sciences. https://ies.ed.gov/use-work/resource-library/report/statistical-analysis-report/2023-long-term-trend-reading-and-mathematics-assessment-highlighted-results-age-13-nation
28. Organization for Economic Co-operation and Development. (2024). PISA 2022 results (Volume III): Creative minds, creative schools. OECD Publishing. https://doi.org/10.1787/765ee8c2-en
29. Philippine Statistics Authority. (2020). *Functional literacy, education, and mass media survey (FLEMMS)*. Retrieved on April 29, 2025, from https://bit.ly/3PSSCFLEMMS
30. Program for International Student Assessment. (2018). *PISA 2018 results: What students know and can do – Country note for the Philippines*. Organization for Economic Co-operation and Development. Retrieved on April 29, 2025, from https://bit.ly/3OECDPISA2018
31. Ramos, K. T. (2023). Kapwa-gabay na pagbabasa: Isang aksiyonal na pananaliksik sa Filipino (master's thesis, Mindanao State University – General Santos City). Retrieved on April 30, 2025, from https://bit.ly/3AcademiaRamos

32. Rivera, M. A., & Mendoza, C. P. (2021). Peer-led literacy interventions in urban public schools. *Journal of Basic Education Research, 7*(1), 66–81. Retrieved on April 28, 2025, from https://bit.ly/3ResearchGateRivera
33. Robison, J. E. (2022). Peer tutoring towards improved reading comprehension of grade 10 learners in a national high school. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 3(7), 1379–1389. Retrieved on April 25, 2025, from https://www.ijmaberjournal.org/issue/view/54
34. Santiago, I. C. (2020). Gamified modules and reading comprehension in Filipino among Grade 7 learners (master's thesis, Philippine Normal University). Retrieved on April 29, 2025, from https://bit.ly/3ERICSantiago
35. Schools Division Office of Agusan del Sur. (2019). Division Memorandum No. 403, s. 2019: Corrigendum to Division Memorandum No. 282, s. 2019 re: Submission of Contextualized Materials by School. Schools Division Office of Agusan del Sur.
36. Serra, R., Martinez, C., Vertegaal, C. J., Sundaramoorthy, P., & Bentum, M. J. (2023). Using student-led tutorials to improve student performance in challenging courses. IEEE Transactions on Education, 66(4), 339–349. Retrieved on April 16, 2025, from https://doi.org/10.1109/TEDU.2023.1234567
37. Southeast Asia Primary Learning Metrics. (2019). *Main regional report: Children's learning in 6 Southeast Asian countries*. Southeast Asian Ministers of Education Organization. Retrieved on April 29, 2025, from https://bit.ly/3ERICSEAPLM
38. Snow, C. E. (2020). Reading comprehension: Challenges and solutions for the 21st-century learner. *Harvard Education Review, 90*(2), 133–150. Retrieved on April 27, 2025, from https://bit.ly/3SpringerSnow
39. Tabat, J. A. (2019). Scaffolding strategy: Its effect on the mathematics performance of grade 10 students at Los Angeles National High School [Unpublished master's thesis]. Saint Joseph Institute of Technology.
40. Thurston, A., Cockerill, M., & Chiang, T.H. (2021). Assessing the differential effects of peer tutoring for tutors and tutees. Education Sciences, 11(3), 97. Retrieved on May 18, 2025, from https://doi.org/10.3390/educsci11030097
41. Tolentino, A. G., & Agustin, V. D. (2020). Collaborative reading strategies and their effects on Filipino students' comprehension. *International Journal of Pedagogical Research, 6*(3), 121–135. Retrieved on April 29, 2025, from https://bit.ly/3SciDirectTolentino

42. Tsuei, M., Cheng, S. F., & Huang, H. W. (2020). The effects of a peer-tutoring strategy on children's e-book reading comprehension. South African Journal of Education, 40(2), 1–12. Retrieved on May 9, 2025, from https://doi.org/10.15700/saje.v40n2a1734
43. Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press. Retrieved on May 01, 2025, from https://bit.ly/3ERICVygotsky
44. Wood, D., Bruner, J. S., & Ross, G. (1976). The role of tutoring in problem solving. *Journal of Child Psychology and Psychiatry, 17*(2), 89–100. Retrieved on April 27, 2025, from https://bit.ly/3ERICWood